

## IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™

### Nag-contract ulit ang manufacturing sector noong Hunyo

#### Mga pangunahing nalaman

Pinakamabilis na pagbaba ng output mula noong Hulyo 2020

Panibagong pagbaba ng mga bagong order

Naging pinakamababa ang business confidence sa loob ng sampung buwan

Kinolekta ang data noong Hunyo 11-24, 2021.

Nag-contract ulit ang ASEAN manufacturing sector noong Hunyo, ayon sa pinakabagong data ng IHS Markit Purchasing Managers' Index (PMI™). Bumaba ang output at mga bagong order sa unang pagkakataon sa loob ng apat na buwan, kung saan naging pinakamabilis ang pagbaba ng produksyon sa pabrika sa loob ng halos isang taon. Dahil dito, nagtala ang mga kumpanya ng mas mababang antas ng optimism hinggil sa output para sa darating na 12 buwan.

Bumaba ang headline PMI mula 51.8 noong Mayo at naging mas mababa sa neutral na 50.0 mark para maging 49.0 noong Hunyo. Inihudyat nito ang unang paghina ng kalagayan ng sektor mula noong Pebrero, bagama't bahagya lang ito.

Naging dahilan ng panibagong downturn noong Hunyo ang mga contraction sa lima sa pitong kalahok na bansa ng ASEAN. Ang pinakakapansin-pansing paghina ay naitala sa Malaysia, kung saan bumulusok ang headline index mula 51.3 noong Mayo patungong 39.9 noong Hunyo, na halos pinakamababa na sa series, bunsod ng mas mahihigpit na hakbang para sa pagsugpo sa COVID-19.

Nakaranas din ang Myanmar ng mabilis na contraction noong Hunyo. Naging pinakamataas ang PMI sa loob ng limang buwan, dahil nagsimula nang magbukas ang ilang bahagi ng sektor, pero naging isa sa pinakamababa pa rin ito sa kasaysayan ng series.


Sa ibang dako, nagtala ang Vietnam at Singapore ng panibagong paghina sa kalagayan ng kani-kanilang manufacturing sector. Sa nauna, ang headline index (44.1) ay naghudyat ng pinakamabilis na pagbaba mula noong Mayo 2020, habang ang PMI ng Singapore (46.5) ay nagsaad ng pinakamabilis na paghina sa loob ng sampung buwan.

Samantala, ang manufacturing sector ng Thailand ay nakaranas ng tuloy-tuloy na paghina noong Hunyo. Kapansin-pansing tumaas ang PMI (49.5) noong buwang iyon, gayunpaman ay nag-signal ito ng bahagyang paghina sa paglapit ng sektor sa stabilization.

*ipinagpatuloy...*

ASEAN Manufacturing PMI

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

#### Komento

Nagkomento sa mga resulta ng pinakabagong survey si Lewis Cooper, Ekonomista sa IHS Markit, aniya:

"Nag-contract ulit ang ASEAN manufacturing sector noong Hunyo kasabay ng panibagong pagbaba ng output at bagong trabaho. Ang bilis ng paghina sa sektor ay naging bahagya lang, gayunpaman ay naging pinakamabilis ito simula noong huling Oktubre.

"Pagkatapos, ang business confidence ay humina pa lalo, kung saan naging pinakamababa ang antas ng positibong sentimyente simula nong Agosto.

"Nanatiling kapansin-pansin ang pagkakaiba sa national level, kung saan ang paghina ay pangunahing idinulot by malulubhang contraction sa Malaysia at Myanmar, kung saan ang nauna ay nakaranas ng kapansin-pansing turnaround mula sa paglago sa nakaraang dalawang buwan kung saan umigting ang mga paghihigpit dahil sa COVID-19.

"Kapag kontrolado na ang mga kaso, at lumuwag ang mga hakbang sa lockdown sa buong rehiyon, makakakita tayo ulit ng pagbangon sa manufacturing sector, pero marami pang pagkalugi noong 2020 na kailangang bawiin."

Maganda naman ang balita sa Pilipinas noong Hunyo, kung saan naitala ang headline PMI nang mas mataas sa neutral value na 50 sa unang pagkakataon sa loob ng tatlong buwan Gayunpaman, ang index na 50.8 ay nag-signal lang ng bahagyang pagbangon. Nag-signal din ang Indonesia ng expansion noong Hunyo, kung saan walong buwan nang tuloy-tuloy ang paglago nito. Ang headline PMI (53.5) ay naghudyat ng tuloy-tuloy na pagbangon sa pangkalahatan, bagama't bumaba ito kumpara sa Mayo.

Ang pangunahing dahilan ng panibagong contraction ng ASEAN manufacturing sector ay panibagong pagbaba sa produksyon sa pabrika at mga order book noong Hunyo. Ang pagbaba ng output ay naging pinakamabilis simula noong Hulyo 2020 at bahagya lang ito, bagama't ang rate ng pagbaba sa mga total na bagong order ay naging pinakamabilis sa loob ng siyam na buwan, dahil din sa panibagong contraction ng foreign demand.

Bagama't ang mga kumpanya ay nanatiling may mataas na kumpanya hinggil sa output para sa darating na 12 buwan, bumaba ang antas ng positibong sentimyento at naging pinakamababa ito simula noong huling Agosto.

Samantala, binawasan ng mga ASEAN goods producer ang kanilang pagbili ng input sa unang pagkakataon mula noong Pebrero. Kapansin-pansing naging pinakamabilis ang pagbaba simula noong Nobyembre 2020. Bumaba rin ang mga pre-production inventory noong Hunyo, at naging pinakamabilis ang pagbaba nito sa kasalukuyang 25 buwang tuloy-tuloy na contraction.

Gayundin, humaba ulit ang mga average na delivery time, kung saan hindi masyadong nagbago ang kinauukulang seasonally adjusted index kumpara sa Mayo at nagsaad ito ng pangalawang pinakamalubhang mga delay na naitala mula noong Mayo 2020.


Nagsaad din ang data ng Hunyo ng mas mahihinang capacity pressure. Sa pangkalahatan ay nanatiling stable ang mga backlog ng trabaho, kasunod ng tatlong buwang sunod-sunod na accumulation, habang patuloy na nagbawas ng mga tao ang mga kumpanya nang bahagya.

Pagdating naman sa mga presyo, tumaas ulit nang husto ang mga input cost sa Hunyo. Bagama't pinakamababa ito sa loob ng apat na buwan, nanatiling mabilis ang rate ng inflation. Pagkatapos, ang mga average na singil sa output ay tumaas pa lalo. Ang rate ng pagtaas ay nanatiling solido at mas mataas sa long-run series average.

### Manufacturing PMI

Indonesia / Malaysia / Myanmar / Pilipinas  
Singapore / Thailand / Vietnam

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

## Makipag-ugnayan

Lewis Cooper  
Economist  
IHS Markit  
Telepono: +44 1491-461-019  
[lewis.cooper@ihsmarkit.com](mailto:lewis.cooper@ihsmarkit.com)

Joanna Vickers  
Corporate Communications  
IHS Markit  
Telepono: +44-207-260-2234  
[joanna.vickers@ihsmarkit.com](mailto:joanna.vickers@ihsmarkit.com)

### Pamamaraan

Ang IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™ ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga tugon sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa mga panel ng mga manufacturer sa Indonesia, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand at Vietnam, na may kabuuang nasa 2,100 manufacturer. Ang mga bansang ito ay kumakatawan sa 98% ng ASEAN manufacturing value added\*. Ang mga panel ay hinahati-hati ayon sa detalyadong sektor at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season. Ang mga ASEAN index ay kinakalkula sa pamamagitan ng sama-samang pagsusukat ng mga national index. Ang mga weight ng bansa ay kinakalkula ayon sa taunang manufacturing value added\*.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Employment (20%), Delivery Times ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Delivery Times ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaaayos.

Kinolekta ang data ng Hunyo 2021 noong Hunyo 11-24, 2021.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa [economics@ihsmarkit.com](mailto:economics@ihsmarkit.com).

\*Pinagkunan: World Bank World Development Indicators.

### Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

### Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapatakbo sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2021 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa [joanna.vickers@ihsmarkit.com](mailto:joanna.vickers@ihsmarkit.com). Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

### Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa [ihsmarkit.com/products/pmi.html](https://ihsmarkit.com/products/pmi.html).